

Proseso ng CFW

- **Pag-tukoy ng proyektong gagawin at mga benepisyaryo**
Ang P/C/MSWDO ay kailangang mag-sagawa ng pagsusuri upang matukoy ang mga posibleng benepisyaryo ng CFW.
- **Paggawa ng Project Proposal**
Pagkatapos ng pagsusuri, kailangang gumawa ang P/C/MSWDO ng project proposal na naglalaman ng detalye ng proyekto na nais nilang gawin.
- **Pagbibigay ng pondo para sa proyekto**
Ang LGU ay kailangang magsumite ng Project Proposal sa DSWD Field Office upang ito ay repasuhin at aprubahan.
- **Implementasyon ng proyekto**
Ang MSWDO ay inaasahang makapag sumite ng completion report kasabay ng mga larawan na nagpapakita ng larawan ng pagbibigay ng sweldo at trabahon at natapos ng mga benepisyaryo.
- **Pag-monitor at Ebalwasyon**
Ang pagmomonitor ng mga programa/proyekto ay mayroong tatlong lebel: (1) LGU; (2) Field Office; at (3) Central office. Ang pagmomonitor ng LGU ay kailangang gawin ng MSWDO kasabay ang iba pang angkop na opisina.

 **MAAGAP** *at*
MAPAGKALINGANG
SERBISYO!



@dswdfo5



0951-106-5172 | 0949-132-6593



www.fo5.gov.ph



fo5@dswd.gov.ph

#DSWDMayMalasakit



Serbisyong Oragon sa Lahat ng Panahon



Mga dapat malaman
tungkol sa programang

Cash-for-Work



Ano ang CFW?

Ang Cash-for-Work ay isang programa na naglalayong makapagbigay ng pansamantalang hanapbuhay sa mga indibidwal na naapektohan ng sakuna.

Ang komunidad ang magdedesisyon kung ano ang mga trabaho na maaaring gawin ng mga benepisyaryo. Kapalit nito, makatatanggap ng sahod ang mga benepisyaryo na maaaring magamit para makabili ng kanilang mga pangangailangan.

Ang lokal na Social Welfare and Development office (MSWDO), sa pakikipag-ugayan sa DSWD field office ng rehiyon, ang mamamahala sa pagpapatupad ng CFW.

Benepisyaryo

75% ng kasalukuyang Average Daily Wage Rate sa Rehiyon.

Benepisyaryo

1. Mga indibidwal na

18 taong gulang o higit pa

- Kung ang benepisyaryo ay 15-17 taong gulang, kailangan ay mayroon Parental Consent mulas magulang o legal guardian.
2. Mga indibidwal o na nais lumahok sa mga programa na may kinalaman sa pagpapa-unlad ng kabuhayan, paghahanda o pagpapabawas ng maaaring epekto ng sakuna, at rehabilitasyon pagkatapos ng sakuna;
 3. Mga indibidwal na kabilang sa bulnerableng sektor o apektado ng kalamidad;
 4. Mga indibidwal na may kakayahang gawin ang trabaho na natukoy ng komunidad.

Uri ng proyekto sa CFW

1. **Livelihood and productivity support** paggawa o pagkumpuni ng istruktura sa ginagamit sa programang panghanapbuhay ng komunidad;

2. **Reconstruction and Rehabilitation** Paggawa o pagkukumpuni ng mga istruktura na ginagamit sa pagbibigay ng mgaserbisyogayang health station, barangay health center, at paaralan.
3. **Disaster preparedness, mitigation, and environment related projects** Pagtanim ng punong-kahoy, paglilinis ng ilog at mga kanal
4. **Hunger mitigation and food security projects** paghahanda ng communal farm, pagkukumpuni ng pasilidad para sa post-harvest at farm-to-market road.

Implementasyon

- Hindi lalagpas sa

10 araw

Ngunit, kung base sa pagsusuri ng lokal na DSWD ay mayroon pang pangangailangan sa komunidad, maaring palawigin ang implementasyon ng programa ng hindi hihigit sa karagdagang **tatlong (3) buwan**.

